

Ang Kapaligiran ng Inyong Anak

Ikonsidera ang inyong komunidad. Nasa ligtas ba na lokasyon ang inyong tirahan? Kayo ba o ang inyong pamilya ay puntirya ng bayolensya o panghaharas? May mga tao ba na malapit sa inyong anak na matatawag kung may problema? Kung kayo ay hindi sigurado sa kaligtasan sa lugar ng inyong tirahan, kinakailangang higit na pagbutihin ang pagbabantay sa inyong mga anak.

Ligtas ba ang inyong tahanan? Bago bigyan ng responsibilidad ang inyong anak na pangalagaan ang sarili, siguruhing may listahan ito ng mga emerhensyang numero pati na ng mga numero ng mga matatandang maaaring mahingan ng tulong kung sakaling may mangyari. Upang masiguro ang kaligtasan, nararapat lamang na mayroon ang inyong tahanan na gumaganang detektor sa usok at sa karbon monoksayd at planadong labasan o *fire exit*.

Panatiliing malinis ang inyong tahanan mula sa mga mapanganib na bagay katulad ng mga lason, hindi nakakandadong armas, at mga nakalitaw na kable ng kuryente.

Magsagawa ng mga alituntunin sa paggamit ng mga kagamitang pangkusina. Magdesisyon kung sa anong edad ang inyong anak ay maaaring gumamit ng kalan, plantsa, at iba pang mga maiinit na kagamitan. Ang mga batang maaari nang iwan ng ilang oras ay maaaring hindi pa mapagkakatiwalaan sa pagluluto o paggamit ng initan o *microwave*.

Ang Aming Misyon

Ang protektahan ang mga bata
at upang palakasin at suportahan
ang pagiging nilalang
ng mga bata at ng kanilang mga pamilya.

Ang Aming Pananaw

Pinagpahalagahang Mga Bata
Sumusuportang Mga Pamilya
Nagmamalasakit na Mga Komunidad

Peel Children's Aid

8 Nelson Street W., Suite 204
Brampton, ON L6X 4J2
Telepono: 905-796-2121
Paks: 905-796-2293

101 Queensway W., Suite 625
Mississauga, ON L5B 2P7
Telepono: 905-275-7444
Paks: 905-275-1600

www.peelcas.org

Peel Children's Aid

Nag-iisa sa Tahanan

Kailan maaaring maiwan ang mga bata na nag-iisa?

Kapag Ang Mga Bata ay Nag-iisa sa Tahanan

Ang magdesisyong iwan ng ilang oras ang inyong anak na nag-iisa sa inyong tahanan ay isa sa mga pinakamahalagang desisyon na magagawa ng sinumang magulang.

(*The Child and Family Services Act*) Ang Batas ng Mga Serbisyo Para sa Bata at Pamilya ay nagsasabing ang mga batang mula sa edad na 10 taon pababa ay hindi maaaring iwan na nag-iisa. Para sa mga batang ang edad ay 10 taon pababa, ang mga magulang ay may legal na responsibilidad na siguruhin ang kaligtasan ng mga anak. Ang mga maliliit na anak at mga sanggol ay nararapat lamang na bantayan sa lahat ng oras. Gayun paman, sa lugar ng Sumusuporta sa Mga Bata sa Peel, alam namin na ang ibang magulang ay iniiwan ang kanilang mga anak na may edad na 8 at 9 taon na nag-iisa kadalasan kung sila ay bababa upang takbuhin ang mga sulat o may bibilhin sa kalapit na tindahan. Nararapat lamang na ang mga magulang ay laging handa para sa kaligtasan ng kanilang mga anak at iniisip ang kakayahan ng kanilang anak sa lahat ng mga sitwasyon kung ang mga ito ay nag-iisa.

Maging ang paglampas nila sa edad na 10 taon, ang mga magulang ay legal na inaasahang magsasagawa ng mga karapat-dapat na bagay at para sa patnubay ng mga anak hanggang tumuntong sila sa edad na 16 taon. Ang mga alituntuning ito ay isinasagawa upang makatulong sa mga magulang sa pagsasagawa ng mga mahalagang desisyon tungkol sa kaligtasan at pagiging mabuting nilalang ng mga bata. Kinakailangang tandaan ng mga magulang na ang edad ng mga bata ay hindi madalas pumaparehas sa lebel ng pag-iisip at responsibilidad ng mga ito. Ang ibang mga bata sa edad na 10 taon ay maaari nang alagaan ang sarili ng ilang oras. Ang iba naman sa katulad na edad, o mas matanda pa ay walang kakayahan.

Bahagi ng libretang ito ay mga bagay na dapat ikonsidera sa pagsasagawa ng desisyon kung kailan maaaring iwan ang anak na nag-iisa.

Mga Kakayahan ng Inyong Anak

Naipakita na ba o napatunayan na ng inyong anak ang kanyang abilidad upang pangalagaan ang kaniyang sarili? Nakakapagbihis na ba siya nang mag-isa, nakakapagsagawa ng mga ligtas na gawain, nakakaalala at tumutupad sa mga patakaran, at mapapagkatiwalaang mag-ingat ng mga kagamitan?

Ang inyong anak ba ay nakakapagpatunay ng tamang paghuhusga at nakaranas na ng paglutas ng mga problema nang nag-iisa?

May mahalaga bang pangangailangan ang inyong anak na magiging hadlang upang makapagsagawa ng mga personal na gawain katulad ng pagpunta sa paliguan, pagtawag ng tulong, o ang pag-alis sa tahanan kung may emerhensya?

May mga problema ba sa pag-uugali na inyong nakikita, ng paaralan, o ng isang doktor, na maaaring magbigay panganib sa inyong anak kung ito ay iiwang nag-iisa? Halimbawa, mga batang may mga istorya ng pananakit sa sarili, pagiging agresibo, paglalaro ng apoy, pangangalkal sa tahanan, paninira ng kagamitan o kawalang abilidad na magkonsentrasyon at sumunod sa mga alituntunin ay maaaring maging panganib sa kanyang sarili at sa iba kung hindi babantayan.

Kung hinihiling na ang bata ay magkaroon ng isahang tulong na pagtuturo sa paaralan mula sa mga sumusuportang manggagawa o tumutulong sa guro, ito ay hindi nararapat na maiwang nag-iisa ng walang direktang nagbabantay.

Bigyang konsiderasyon ang tagal ng oras ng pagkakaiwang mag-isa sa bata. Mas mahabang oras ay higit ang responsibilidad na nakaatas sa kanya na nangangailangan ng karagdagang lebel ng pag-iisip at abilidad. Maging ang mga bata sa edad na 14 hanggang 16 taon ay hindi maaaring iwan ng ilang araw na nag-iisa kung walang nakahanda na planong pangkaligtasan.

Ang Reaksyon ng Inyong Anak

Bago iwan ang inyong anak na nag-iisa, itanong sa kanya kung ano ang masasabi niya dito. Itanong kung may mga bagay na nagbibigay takot sa kanya o kaya na niyang panghawakan na mag-isa ang mga sitwasyon.

Isipin kung ano ang naging reaksyon ng inyong anak sa isang mahirap na sitwasyon. Paano niya hinarap ang mga mahirap at nakakatakot na mga nakaraang sitwasyon? Maaari kaya na iba namang reaksyon ang ipakita nito sa katulad na sitwasyon habang siya ay nag-iisa?

Ang Inyong Kompromiso

Kayo ay mayroong malaking responsibilidad sa inyong mga anak hanggang sila ay tumuntong sa edad na 16 taon. Dahil sa kayo ay nagmamalasakit sa inyong anak sa lahat ng oras at kayo din ang nararapat na magsagawa ng mga desisyon kung kailan sila maaaring iwanan at gaano katagal.

Kung iiwanan ninyo ang inyong anak sa inyong tahanan na nag-iisa, kinakailangang mayroon siyang malinaw at tamang pamamaraan kung paano kayo niya makokontak. Maging handa kayo sa lahat ng oras kung kakailanganin o makipag-ayos sa isang matanda na mahihingan ng tulong para sa inyong anak kung may emerhensya. Hayaang bukas sa lahat ng oras ang linya ng komunikasyon para sa inyong anak, katulad ng regular na pagsilip upang masiguro ang kanyang kaligtasan.

Siguruhing handa ang inyong anak na panghawakan ang mga emerhensyang sitwasyon katulad ng sunog, nasirang kagamitan, o sakit habang siya ay nag-iisa.

Kailangan ng inyong anak ang direksyon mula sa inyo kung mayroong kakatok sa pinto o tatawag sa telepono habang kayo ay wala.

Kinakailangan ninyong magsagawa ng mga alituntunin tungkol sa kung kailan maaari o kung ang mga kaibigan ay maaaring imbitahan sa inyong tahanan habang ang inyong anak ay nag-iisa.

Mga panahon ng mahihirap na sitwasyon ng pamilya katulad ng paghihiwalay, paglilipat, o kamatayan ng isang miyembro ng pamilya, ay hindi mga tamang panahon upang simulang iwan ang inyong anak na nag-iisa.

Abril, 2003